# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-1 ng Mayo, 2026

## Nagpapadala ang County ng mga Balota para sa Gubernatoryal na Primarya sa Hunyo

Maaaring asahan ng mga rehistradong botante ang kanilang mga balota para sa Gubernatoryal na Primaryang Eleksyon sa Ika-2 ng Hunyo na darating sa linggo ng Lunes, Ika-4 ng Mayo. Maaaring matanggap ng ilang botante ang kanilang balota sa katapusan ng linggo.

**Paano ibalik ang mga balota**

Hinihikayat ang mga botante na bumoto nang maaga at maaaring ibalik ang kanilang balota sa isa sa tatlong paraan:

- **Sa pamamagitan ng koreo**: isang sobre na may bayad-na-selyo ang kasama sa kanilang opisyal na pakete ng balota.
- **Sa isang opisyal na ballot drop box**: ang mga drop box ay available sa Ika-5 ng Mayo hanggang sa pinal na araw ng pagboto, sa Ika-2 ng Hunyo.
- **Sa alinmang vote center simula sa Ika-23 ng Mayo**: bisitahin ang sdvote.com para sa listahan ng mga drop box at mga lokasyon ng vote center at mga oras ng operasyon.

**Ano ang nilalaman ng opisyal na pakete ng balota?**

Ang opisyal na pakete ng balota ay maglalaman ng mga instruksyon sa pagboto at isang “Bumoto Ako” na sticker. Ang karagdagang impormasyon, kabilang ang mga pahayag ng kandidato, mga listahan ng mga opisyal na ballot drop box at mga vote center, ay available sa pamplet ng impormasyon ng botante.

**Paano ibalik ang mga balota sa pamamagitan ng koreo**

Pagkatapos markahan ang kanilang mga pinili, ang mga botante ay dapat:

- I-seal ang balota sa sobre ng pagbabalikan na may bayad-na-selyo.
- Lagyan ng petsa at pirmahan ang sobre. Kinakailangan ang pirma ng botante para mabilang ang kanilang boto.
- Ibalik ang balota sa pamamagitan ng koreo o ihulog ito sa alinman sa mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro sa buong county.

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-1 ng Mayo, 2026

Ang mga balotang ipinadala sa koreo ay dapat mai-postmark sa o bago ang Ika-2 ng Hunyo at matanggap ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa loob ng hindi hihigit sa pitong araw upang mabilang. Ang mga balotang ibinabalik sa mga opisyal na drop box o vote center ay dapat ihulog bago mag ika-8 ng gabi sa Ika-2 ng Hunyo.

Ang mga botante na nagbabalik ng mga balota sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring mag-sign up para sa pag-track ng balota.

**Paano bumoto nang personal**
Magsisimula ang maagang pagboto nang personal sa Lunes, Ika-4 ng Mayo, sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa sa 5600 Overland Avenue, San Diego. Ang mga oras ay mula ika-8 umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Ang mga vote center ay magbubukas nang paunti-unti (in stages):

- **Ika-23 ng Mayo**: Piling mga vote center ay magbubukas araw-araw, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- **Ika-30 ng Mayo**: Lahat ng mga vote center ay magbubukas araw-araw, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- **Ika-2 ng Hunyo**, sa pinal na araw ng pagboto: Ang lahat ng vote center, mga opisyal na ballot drop box at ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Samantalahin ang maagang pagboto upang maiwasan ang mahahabang pila.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **sdvote.com** o tumawag sa **858-565-5800** o sa toll-free **800-696-0136**.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101